CCNC-SJ

Labanan ang Kapootang Panlahi sa Canada!
Para sa mga Mag-aaral na Grado 4 at Pataas
Itinanghal ng Chinese Canadian National Council - For Social Justice (CCNC-SJ)

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang ikaapat sa mga serye.

Kapootang Panlahi Tungo sa mga Katutubong Komunidad sa Canada

Ang mga Katutubong tao ay ang mga orihinal na naninirahan sa lupain na ngayon ay tinatawag nating Canada. Maaaring nakapakinig ka sa isang pagkilala sa lupa sa paaralan o sa komunidad. Layunin nitong kilalanin ang lupaing tinitirhan natin at ipakita ang paggalang sa mga orihinal na naninirahan. Maaaring pinarangalan din ng iyong paaralan ang National Indigenous History Month sa buwan ng Hunyo.

Bagama't maraming dapat ipagdiwang tungkol sa mga Katutubong komunidad, sila ay patuloy na nakakaranas ng kapootang panlahi araw-araw. Maaaring narinig mo na ang tungkol sa Idle No More na kilusan sa balita. Sinimulan ito dahil sa mahabang kasaysayan ng kapootang panlahi sa mga Katutubong tao na nangyayari pa rin hanggang ngayon. Paano ito nangyari?

Mga Reserba: Bago ang 1500s, ang mga Katutubong tao ang tanging naninirahan sa lupain. Pagkatapos ay dumating ang mga Europeo sa Hilagang Amerika at kinuha ang lupain sa pamamagitan ng puwersa. Habang ang mga Europeo ay nagtatayo ng mas maraming lungsod, ang mga Katutubong tao ay inilipat sa malayo at pinilit sa ilalim ng mga batas na baguhin ang kanilang mga paraan ng pamumuhay. Ito ay tinatawag na asimilasyon. Noong 1800s, lumikha ang pamahalaan ng Canada ng batas na tinatawag na Indian Act na nagpilit sa mga Katutubong tao na manirahan sa mga lugar na may mahihirap na kalagayan ng pamumuhay. Ang mga ito ay tinatawag na mga reserba, at ngayon ay may higit sa 3,100 na mga reserba sa Canada.

Mga Residential na Paaralan: Ang mga Katutubong bata ay inalis o ninakaw sa kanilang mga tahanan at dinala sa mga residential na paaralan. Ang mga paaralang ito ay pinamamahalaan ng mga relihiyosong grupo na nagpilit sa mga Katutubo na mag-isip at kumilos nang higit na katulad ng mga Europeo. Ang mga Katutubong bata ay pinarusahan dahil sa pagsasalita ng kanilang wika at pagsasabuhay ng kanilang kultura. Marami sa kanila ay inabuso ng mga namamahala. Ang huling residential na paaralan ay nagsara noong 1996.

Sixties Scoop: Sa panahon ng 1960s, ang pamahalaan ng Canada ay nagpatuloy sa pag-assimilate ng mga Katutubong tao sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga Katutubong bata sa kanilang mga tahanan at paglalagay sa kanila sa foster care upang ampunin ng mga hindi Katutubong pamilya. Tinawag itong Sixties Scoop. Ang mga Katutubong bata ay nakaranas ng pagkawala ng kultura, kalungkutan at pang-aabuso sa kanilang mga bagong tahanan. Ang sistema ng foster care na ito ay nagpapatuloy pa rin ngayon, at ngayon mahigit sa kalahati ng mga bata na kasalukuyang nasa foster care ay mga Katutubo.

Ang mga marahas na gawaing ito ay mga anyo ng kolonisasyon, na isang prosesong ginagamit upang kontrolin ang isang grupo ng mga tao at saktan sila. Kung ikukumpara sa ibang grupo ng mga tao sa Canada, ang mga Katutubong tao ay nakakaranas ng mas mataas na antas ng kahirapan, kapootang panlahi at mga antas ng pagpapatiwakal. Bagama't may mga pagsisikap na muling itayo ang mga Katutubong komunidad, kailangan nating magsimulang mag-isip ng mga paraan na maaari tayong makatulong, lalo na kung tayo ay mga imigrante.

Dahil ang mga Katutubong tao ay ang mga Unang Tao ng lupain, lahat ng iba pang naninirahan sa Canada ay isang imigrante o settler (naninirahan). Bilang mga settler, mahalagang pag-isipan nating mabuti ang ilang mga bagay:

- Ang mga settler (o mga imigrante) ay naninirahan sa lupain na kinuha mula sa mga Katutubong tao. Nangangahulugan ito na ang mga settler ay nakatira sa tinatawag na "ninakaw na lupa". Ang mga naninirahan (o mga imigrante) ngayon ay maaaring hindi mismong nagnakaw ng lupa ngunit ginagamit pa rin nila ito sa pamamagitan ng paninirahan dito.
- Dahil hindi natin nakikita ang mga Katutubong tao sa paaralan o sa ating kapitbahayan ay hindi nangangahulugan na wala sila sa paligid. Sila ay naninirahan kasama natin at isa talaga sa mga pinakamabilis na lumalagong populasyon sa Canada!

Bilang mga settler (o imigrante), kailangan nating matutunan ang tungkol sa lupang tinitirhan natin at kumilos laban sa mga isyung nakakaapekto sa mga Katutubo. Magsimula tayo sa pamamagitan ng pag-iisip tungkol sa mga tanong na ito:

Sa anong mga paraan mo nakita o narinig ang indibidwal at sistematikong kapootang panlahi tungo sa mga Katutubong komunidad?

Paano ka pinag-isip ng media tungkol sa mga Katutubong tao?

Paano nakakaapekto ang iyong sariling lahi o pagkakakilanlan sa paraan ng pag-iisip mo tungkol sa mga Katutubong tao?

Ano ang gagawin mong iba ngayon para labanan ang kapootang panlahi sa mga Katutubong tao?

Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano suportahan ang mga Katutubong komunidad sa Poster 6: Pagiging isang Kakampi.

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.
Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.

PCHC MUSEUM OF MIGRATION
Funded by the Government of Canada
Financé par le gouvernement du Canada | Canada

CCNC-SJ 2021